

Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na dinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa kindergarten hanggang grade twelve sa mga paaralan at distrito. Itinatampok ng Dashboard ang limang lokal na panukat na ginagamit ng mga local educational agency (mga LEA) gaya ng mga distrito, mga county office of education (mga COE), at mga charter na paaralan para mag-ulat ng progreso batay sa lokal na datos.

Mga Lokal na Panukat

Ang mga lokal na panukat ay nilulutas ang

- mga Pangunahing Serbisyo at Kundisyon na kinabibilangan ng angkop na itinalagang mga guro, access sa mga materyal sa pagtuturo na nakaayon sa kurikulum, at ligtas, malinis, at maayos na mga pasilidad ng paaralan (Prayoridad 1);
- Pagpapatupad ng mga State Academic Standard (Prayoridad 2);
- Pakikibahagi ng mga Magulang at Pamilya (Prayoridad 3);
- Survey sa Klima sa Paaralan (Prayoridad 6); at
- Access sa Malawak na Kurso ng Pag-aaral (Prayoridad 8).

Mga Pamantayan sa Pagganap para sa mga Lokal na Panukat

Ang mga sumusunod ay ang mga pamantayan sa pagganap para sa mga lokal na indicator. Para matugunan ang mga pamantayan para sa mga hinihingi ng lokal na indicator, kailangan ng mga LEA na

- sukatin taon-taon ang kanilang progreso sa pagtugon sa mga hinihingi ng bawat prayoridad ng Local Control Funding Formula (LCFF);
- iulat ang kanilang mga resulta bilang bahagi ng item na walang pahintulot sa isang pampublikong pulong ng lokal na namamahalang lupon/samahan. Regular itong naka-iskedyul sa panahon ng taunang proseso ng paggamit ng Local Control and Accountability Plan (LCAP); at
- iulat ang mga resulta sa publiko sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga self-reflection tool ng State Board of Education- (SBE) para sa bawat lokal na panukat. Ang mga self-reflection tool ng SBE ay makukuha sa dokumentong Local Performance Indicator Quick Guide sa CDE website sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/localindquickguide2022.docx>.

Kapag nakumpleto ng mga LEA ang mga hinihingi sa itaas, inuulat ng Dashboard ang lokal na panukat bilang “Natugunan ang Pamantayan”. Kapag hindi natugunan ng LEA ang mga hinihingi sa itaas, inuulat ng Dashboard ang lokal na panukat bilang “Hindi Natugunan”. Bukod pa ryan, inuulat ng Dashboard ang malawak na grupo ng datos na may kaugnayan sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na indicator.

Ang Kahalagahan ng mga Lokal na Panukat

Ang pag-uulat ng mga lokal na mga indicator sa Dashboard ay nagbibigay sa publiko ng mahalagang impormasyon tungkol sa progreso ng LEA sa bawat aspeto ng lokal na prayoridad. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa mga magulang habang naghahanda silang magbigay ng opinyon tungkol sa pagpapaunlad ng LCAP sa pamamagitan ng proseso ng Taunang Pag-update.